Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

DEC 05 2007

DepED MEMORANDUM
No. 483, s. 2007

## 2007 NATIONAL HUMAN RIGHTS CONSCIOUSNESS WEEK

To: Bureau Directors
Regional Directors
Schools Division/City Superintendents
Heads, Public and Private Elementary and Secondary Schools

1. In the observance of National Human Rights Consciousness Week (NHRCW), as mandated by Republic Act No. 9201, the Commission on Human Rights of the Philippines (CHRP) has lined up various activities and campaigns for December 4-10, 2007.

2. One of the activities is the simultaneous recitation of the "Human Rights Pledge of Commitment" by all students in public and private schools on December 3, 2007 during their respective Monday Flag Raising Ceremonies. This shall serve as a kick-off activity for said celebration. Enclosed are copies of the HR pledges for elementary and high school levels.

3. This Department encourages schools to discuss the significance of this celebration in appropriate subject areas.

4. For more information, please contact Ms. Susan L. Nuguid and Ms. Shella Laggui at tel. nos. 927-6225 and 925-3878.

5. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

RAMON C. BACANI
Undersecretary

Encls.:
As stated

Reference:
DepED Memorandum: No. 465, s. 2004

Allotment: 1—(D.O. 50-97)

To be indicated in the <u>Perpetual Index</u>
under the following subjects:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
HUMAN RIGHTS EDUCATION

Sheila, MPPD-TS, <u>DM CHRP</u>
November 26, 2007

# PANATA SA KARAPATANG PANTAO
# (ELEMENTARY CATEGORY)

Ako'y nanunumpa sa sambayanang Pilipino sampu ng sangkatauhan
Na ipagtatanggol ko ang aking mga karapatan.
Itataguyod ko ang mga pangnunahing karapatang dapat matamasa
Ng lahat ng bata upang mabuhay nang Malaya at may karangalan.

Igagalang ko ang pagkapantay-pantay ng lahat
Respeto sak apwa ay lagi kong isasaalng-alang
Magiging mapagbantay ako sa mga mapagsamantala at mapaglinlang
Nang kaming mga bata'y maging ligtas sa anumang uri ng karahasan.

Bilang batang mulat ang kaisipan,
Magsasalita ako sa mga katiwalian at pandaraya na aking malalaman
Hindi ako matatakot sa pagsasabi ng totoo anuman ang kahihinatnan
Manaig lamang ang hustisya at katotohanan.

Makikiisa ako sa mga programang pangkaunlaran
Susundin ang batas at alituntunin ng lipunan,
Sisikapin kong linangin ang aking talino at kakayahan
At gamitin ito bilang pagsisilbi sa bayan.

Para sa karapatang pangtao, kami'y inyong gabayan,
Nang kami'y lumaking kapaki-pakinabang!

By: Christian O. Cancino – Upper Bicutan Elem. School, Taguig

PANATA SA KARAPATANG PANTAO
(HIGH SCHOOL CATEGORY)

Kinikilala at iginagalang ko ang karapatan ng bawa't tao
Na sumisimbolo sa kasarinlan at dignidad ng sinuman sa mundo.
Hindi ko kailanman itatatwa ang mga karapatang pang-sibiko,
pampulitikal, pang-kultural at pang-ekonomiko
Ipinapangako ko na ako'y makikiisa sa pagtataguyod ng
karapatang pantao.

Igagalang ko ang paniniwala, tradisyon at katayuan ng bawa't
mamamayan at maging dayuhan man
Isasaalang-alang ko ang kanilang kapakanan nang walang kinikilingan
Hindi ko kailanman aabusuhin ang mga karapatang ibinigay sa akin
sapagka't ang gamitin ito sa wasto ay aking tungkulin.

Hindi ko hahayaan na may mamuong karahasan at alitan sa
pagitan ng bawa't mamamayan
Sisikapin kong maging kabahagi sa pagpapanatili ng
Kapayapaan, pagkakaunawaan ng bawa't nilalang
Sa pamamagitan ng pagbibigay respeto at pagkilala sa dangal ng sinuman.

Itataguyod ko ang pagkakapantay-pantay ng lahat, paninindigan
ito at isasabuhay sa paraang matapat
Sa karapatang pantao, magkapit-bisig tayo,
susi sa pag-unlad at kapayapaan sa mundo!

By: Richard Floralde - Las Piñas North High School